

INTERSEX FACT SHEET

ANO ANG IBIG SABIHIN NG INTERSEX?

Ang mga taong Intersex ay ipinanganak na may katangiang sekswal (kasama ang ari, gonads at chromosome patterns) na hindi tumutugma sa mga tipikal na binaryong pagpapalagay sa panlalaki o pambabaeng katawan.

Ang Intersex ay isang katagang ginagamit sa pagsasalarawan sa malawak na natural na 'variations' o pagkakaiba sa pangangatawan. Sa ibang kaso, nakikita ang mga katangiang intersex pagkapanganak at sa iba naman, nakikita lang sa paglipas ng panahon o sa pagdadalaga o pagbibinata o puberty. Ang ibang chromosomal intersex variations ay maaring hindi talaga nakikita.

Ayon sa mga eksperto, tinatayang nasa 0.05% hanggang 1.7% ng populasyon ay pinapanganak na may katangiang intersex – ang mataas na pagtataya ay kapareho ng bilang ng mga taong pula ang buhok.

Ang pagiging intersex ay nauugnay sa biyolohikal na katangiang sekswal, at hiwalay sa kanyang sexual orientation o gender identity. Ang taong intersex ay pwedeng heterosekswal, bakla, lesbyana, bisekswal o asekswal, at maaring kilalanin ang sarili na babae, lalaki, pareho o wala sa alinman.

Dahil tinitignan na kaiba ang kanilang katawan, ang mga bata at matandang intersex ay madalas na nasistigmatize at nakakaranas ng maraming mga paglabag sa kanilang karapatang pantao. Kasama na dito ang paglabag sa mga karapatan pangkalusugan at integridad pisikal, pagiging malaya mula sa torture at maling pagtrato, at sa pagkakapantay pantay at kawalan ng diskriminasyon.

INTEGRIDAD PISIKAL

Nagiging gawain na isailalim ang batang intersex sa di-kinakailangang prosesong pag-oopera at iba pang mga proseso para sa pagsusubok isakumporme ang kanilang kaanyuan sa binaryong sex stereotypes.

Ang mga prosesong ito na di na naibabalik ay nagiging sanhi ng permanenteng pagkabaog, sobrang sakit, pagkawala ng control sa pagdumi, pagkawala ng sekswal na pandamdami, at panghabang buhay na pagdurusang mental, kasama na ang depresyon. Kadalasang isinasagawa ito nang walang lubos, hindi malaya, at walang naimpormahang pagpapayag ng taong kinaukulan, na kadalasan ay sobrang bata pa upang maging bahagi ng proseso sa pagdedesisyon. Ang mga prosesong ito ay maaaring lumalabag sa kanilang karapatan sa pisikal na integridad, na maging malaya sa torture at maling pagtrato at mamuhay na malaya sa nakasasamang mga gawain.

Ang mga prosesong ito ay kalimitang nirarasunan na batay sa kultura at gender norms at mga paniniwalang may diskriminasyon tungkol sa mga taong intersex at ang kanilang integrasyon sa lipunan.

Ang mga ugaling may diskriminasyon ay hinding-hindi pwedeng gawing rasona paglabag sa karapatang pantao, kasama na ang sapilitang pagpapagamot at paglabag sa karapatang Integridad Pisikal. May obligasyon ang estado na labanan ang mga nakasasamang mga stereotypes at diskriminasyon, sa halip na susugan ang mga ito. Ang mga prosesong ito ay minsan nirarasunan sa mga walang basehang benepisyong pangkalusugan, ngunit ang mga ito ay kadalasang

nababase sa mahinang ebidensya na hindi pinag-uusapan ang mga alternatibong solusyon na nakakaprotekta sa integridad pisikal at rumerespeto sa awtonomiyang pisikal.

Sa kasamaang palad, ang mga paniniwalang ito at ang pagdidiin ng lipunan ay kadalsasang nasasalamín sa mga doktor, pati na sa mga magulang ng mga batang intersex, na sinusugan at/o nagbibigay ng kanilang pagpapayag sa mga prosesong ito sa kabila ng kawalan ng indikasyong medikal, pagkakailangan at pakapangmadalian, at kahit pa na ang prosesong ito ay lumalabag pamantayan ng karapatang pantao. Kadalasan ang pagpapayag ay naibibigay nang may kakulangan ng impormasyon sa pangmadalian at pangmatagalang epekto ng mga pag-ooperang ito at kawalan ng pag-uugnay sa mga kasamahan, kagaya ng mga matandang intersex at kanilang mga pamilya.

Maraming mga matatandang intersex na sumailalim sa mga ganitong operasyon sa kanilang kabataan ay ipinagdidiin ang kahihyan at stigma na nauugnay sa pagsusubok na burahin ang mga katangiang intersex, kasama na ang pisikal at mental na paghihirap, kasama na rin bilang resulta ng malaliman at masakit na pagpipilat, Marami din ang nakaramdam na napipilitan sila sa mga pangkasarian at gender na kategoryang hindi naman naaangkop sa kanila.

Dahil di na nga naibabalik at ang epekto sa integridad pisikal at otonomiya, itong mga hindi kinakailangang medikal, di hinihinging mga pag-oopera at paggagamot ay dapat ipagbawal. Ang mga batang intersex at ang kanilang mga pamilya ay dapat tumanggap ng karampatang counseling and support, kasama na ang galing sa peers.

DISKRIMINASYON

Ang mga taong intersex ay madalas nahaharap sa diskriminasyon at pang-aabuso pag nalamang intersex sila o kung pinapalagay na hindi umaayon sa gender norms. Ang mga batas laban sa diskriminasyon ay hindi kadalasang pinagbabawal ang diskriminasyon sa mga taong intersex at sila'y naiwanang nanganganib sa mga kagawiang mapagdiskrimina sa maraming mga sitwasyon, kasama na dito sa serbisyong pangkalusugan, serbisyong pampubliko, edukasyon, trabaho at pampalakasan.

Ang mga propesyunal sa pangangalagang pangkalusugan ay madalas kulang sa kinakailangang pagsasanay, kaalaman at pag-unawa upang solusyunan ang kaakibat na pangangailangang pangkalusugan ng mga taong intersex, magbigay ng karampatang serbisyong pangkalusugan, at respeto sa otonomiya at karapatan ng mga taong intersex sa integridad pisikal at kalusugan.

Kinakaharap din ng ibang intersex ang mga balakid at diskriminasyon kung ninanais o kinakailangan nilang baguhin ang mga panandang sekswal sa kanilang birth certificate at mga opisyal na dokumento.

Ang mga atletang intersex ay nahaharap sa mga kaukulang mga balakid. Madami nang nagiging kaso ng mga babaeng intersex na mga atleta na nadiskwalipika sa mga kompetisyong pampalakasan na ang basehan ay dahil sa kanilang mga katangiang intersex. Sa kabilang banda, ang pagiging intersex ay hindi naman nangangahulugan ng mas malakas na pagganap, samantalang ang ibang pisikal na kaibahan na nakakaapekto nito kagaya ng tangkad at pagkakabuo ng mga masels ay hindi naman isinasailalim sa ganitong pagbubusisi at pagbabawal.

PROTEKSYON AT KATUGUNAN

Ang mga taong Intersex ay dapat napoprotektahan sa mga paglabag sa kanilang mga karapatan, Kapag nangyayari ang mga paglabag na ito, dapat iniimbestigahan ang mga tagapaglabag at kinakasuhan. Ang mga biktima ay dapat nakakakuha ng epektibong katugunan kasama ang pagpapanauli at pagbabayad ng danyos.

Ang mga taong intersex ay dapat din kinukunsulta sa mga pagbabalangkas ng mga batas at mga polisiya na may epekto sa kanilang mga karapayan.

POSITIBONG MGA PAGSUSULONG

Noong 2013, inadopt ng Australia ang Sex Discrimination Amendment (Sexual Orientation, Gender Identity and Intersex Status) Act – ang kauna-unahang batas na nagsasama ng intersex status bilang stand-alone prohibited ground sa diskriminasyon. Ang Senado ng Australia ay nagpatupad din ng isang opisyal na pagsususuri sa di-boluntaryon at may pamimilit na pag-iistilize ng mga taong intersex.

Noong 2015, inadopt ng Malta ang Gender Expression and Sex Characteristics Act – kauna-unahang batas na nagbabawal sa pag oopera at paggamot sa katangiang sekswal ng mga menor de edad na walang pinagpaalam na pagpapayag. Ipinagbabawal din ang diskriminasyon base sa pangsekswal na katangian.

MGA PUNTONG PANG-AKSYON

Mga Estado:

- Ipagbawala ng di-kinakailangan pang medikal na mga pag-oopera at mga proses sa katangiang sekswal ng mga batang intersex, proteksyunan ang kanikang integridad pisikal at respetuhin ang kanilang otonomiya.
- Siguruhin na ang mga taong intersex at ang kanilang mga pamilya ay nakakatanggap ng sapat na counseling at suporta, kasama na ang galing sa mga peers.
- Ipagbawal ang diskriminasyon na base sa katangiang intersex katangian o estado, kasama na sa edukasyon, kalusugan, pagtatrabaho, pampalakasan, at pagkamit ng mga serbisyong pampubliko, at tugunan ang mga ganitong diskriminasyon sa pamamagitan ng mga inisyatibong kontra-diskriminasyon.
- Siguruhin na ang mga paglabag sa karapatang pantao laban sa mga taong intersex ay naiimbestigahan at ang mga tagapaglabag ay nakakasuhan at ang mga biktima ng mga ganitong paglabag ay may nakukuhang epektibong katugunan, kasama na ang pagpanaguli at pagbabayad ng danyos.
- Ang mga nasyonal na kinatawang pangkarapatang pantao ay dapat nananaliksik at nagmomonitor ng kalagayan ng karapatang pantao ng mga taong intersex.
- Magpasa ng mga batas na nagbibigay ng mga naaalalayang proseso sa pagbabago ng mga panandang pangsekswal sa mga birth certificates at mga opisyal na dokumento ng mga taong intersex.

- Bigyan ang mga nasa pangangalagang pangkalusugan ng mga pagsasanay sa mga pangangailangan at karapatang pantao ng mga taong intersex at ang naaayon na pagpapayo at pangangalaga na ibibigay sa mga magulang at mga batang intersex, na may paggalang at pagrespeto sa otonomiya, integridad pisikal at katangiang sekswal ng mga taong intersex.
- Siguruhing ang mga miyembro ng hudikatura, opisyaes sa imigrasyon, tagapagpatuapd ng mga batas, pangangalagang pangkalusugan, edukasyon at iba pang mga opisyaes at mga tauhan ay sinanay sa pagbibigay respeto at pagbigay ng patas na pagtrato sa mga taong intersex.
- Siguruhin na ang mga organisasyon ng mga taong intersex ay kinukunsulta at isinasali sa pagbalangkas ng mga pananaliksik, mga batas at polisiya na may epekto sa kanilang mga karapatan.

Midya:

- Isama ang boses ng mga taong intersex at mga grupo sa mga pahayagan, TV at sa pagbabalita sa radyo.
- Magbigay ng objektibo at balanseng pagsasalarawan sa mga taong intersex at ang kanilang mga usapin pangkarapatang pantao.
- Wag gumawa ng pagpapalagay tungkol sa sexual orientation o gender identity ng mga taong intersex.

Ikaw, ang iyong mga kaibigan at iba pang mga indibidwal ay makakagawa rin ng kaibahan:

- Magsalita at manindigan kapag nakakita ng alin mang uri ng diskriminasyon o karahasan laban sa mga taong intersex.
- Alalahanin na ang mga taong intersex ay maaaring magkaroon ng alin man na sexual orientation at gender identity.

Pagkikilala at Pasasalamat sa UN Factsheet sa Filipino:

Ang UN Intersex Factsheet Asian Languages Translation Project ay inisyatibo ng Intersex Asia, at inisponsor ng RFSL. Ang Intersex Asia ay nais magpasalamat kina Jeff B. Cagandahan, Co-founder ng Intersex Philippines, Ryan Silverio, Regional Coordinator ng ASEAN SOGIE Caucus, at Mr. Marcel L. Milliam, JD, isang human rights, LGBTQIA at HIV advocate at activist para sa kanilang ambag, pag-eedit at suportang pagsasalin.

Maraming salamat para sa pagpapahatnugot mula sa UN Free & Equal Campaign at OHCHR na ginawang posible ang proyektong pagsasalang ito. Ito ay di-opisyal na pagsasalun sa Filipino, mula sa orihinal na dokumento sa Ingles. Ang pagsasalin na ito ay na proofread at pinagpatibay ng mga nasyunal na aktibistang intersex. Ang United Nations ay walang kahit anong responsibilidad o pananagutan sa kawastuan ng di-opisyal na pagsasalang ito.

Produced by:



Source:



Our Sponsors:



Allies:

